

*Ang mga unang L-beam na itinataas sa Exford Road*

**Melton at Truganina /** Agusto 2025

LEVEL CROSSING REMOVAL PROJECT

# Isinasagawa na ang konstruksyon

## Nagsimula na ang pag-aalis sa apat na mga mapeligroso at masikip na level crossing sa Coburns, Exford at Ferris roads sa Melton, at sa Hopkins Road sa Truganina upang gawin na walang boom gate ang Melton.

Inaalis namin ang mga level crossing sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga rail bridge sa itaas ng Coburns at Exford roads at mga road bridge sa itaas ng riles sa Ferris at Hopkins roads.

Nagtatayo rin kami ng isang makabago at madaling ma-access na Melton Station na magbubukas sa 2026, dalawang taon na maaga sa iskedyul.

Ang mataas na Melton Station ay itinatayo na may apat na mga platform upang upang maglalaman sa mga serbisyo ng tren ng Ballarat at magbibigay ng mga dedikadong platform para sa mga serbisyo na magsisimula at magtatapos sa Melton.

Ang konstruksyon ay puspusan sa presinto ng Melton Station, kung saan ang mga tauhan ay nagpapatayo ng bagong 16 metro ang lapad na pedestrian through link at ipinapasok ang mga pundasyon ng mga rail bridge sa itaas ng Coburns at Exford roads.

Kami rin ay mabilis na nagtatrabaho sa Ferris at Hopkins roads, kung saan ang mga tsuper, mga naglalakad at mga nagbibisikleta makikinabang mula sa mga bagong road bridge at mga shared path sa ilan sa mga pinakamabilis na lumalagong komunidad sa Australia.

Ang pag-alis sa mga level crossing na ito ay magpapabuti sa kaligtasan at magbabawas sa trapiko sa Melton at Truganina, kung saan ang mga tsuper ay hindi na mahaharangan ng mga boom gate.

> **Ang apat na mga crossing ay aalisin, at ang bagong Melton Station ay magbubukas sa 2026.**

### Bakit kailangang alisin ang mga level crossing na ito

Humigit-kumulang na **73,000 na mga sasakyan** ang naglalakbay sa mga crossing na ito araw-araw

Nakababa ang mga gate ng hanggang sa **28 minuto sa panahon ng** morning peak (alas-7 ng umaga hanggang alas-9 ng umaga)

Hanggang sa **16 mga tren** ang naglalakbay sa mga crossing na ito sa mga oras ng morning peak (alas-7 ng umaga hanggang alas-9 ng umaga)

**Magpalista para sa mga update**
levelcrossings.vic.gov.au

VICTORIA'S BIG BUILD

# Pag-uunlad sa Melton

**Nagpapatuloy kaming nakakagawa ng makabuluhang pag-unlad patungo sa paggawang libre ang Melton level crossing sa 2026.**

## Isang kuwento ng dalawang rail bridge

Ang mga bagong rail bridge sa itaas ng Coburns at Exford roads ay hinuhubog pagkatapos ang unang 20 concrete piers at crossheads ay ibinuhos sa site noong Hunyo at Hulyo at ang mga kongkretong L-beam, na nagpapatayo sa mataas na mga rail bridge, ay itinaas sa puwesto.

### Coburns Road

Ang Coburns Road rail bridge ay magiging humigit-kumulang na 275 metro ang haba at kasama dito ang isang 42.5 metro ang haba na steel bridge.

Ang mga bahagi ng steel bridge ay manggagaling sa Tasmania at bubuuin sa lugar at itataas sa posisyon sa katapusan ng taon

Ang lupa sa Coburns Road ay may isang latag na bato na nagbibigay ng natural na matatag na pundasyon upang ipatong ang rail bridge.

### Exford Road

Ang Exford Road rail bridge ay magiging humigit-kumulang na 67 metro ang haba.

Ang mga L-beam na magtatag ng rail bridge ay nag-umpisang dumating sa pagtatayuan mula sa Kilmore noong Hulyo. Ang huling walo na mga L-beam ay itatas sa puwesto sa itaas ng Exford Road sa katapusan ng susunod na taon

Ang tulay ay susuportahan ng concrete piers at mga crosshead na makikita mong itinatayo/ibinubuhos sa pagtatayuan ngayon.

Mas mahigit sa isang Olympic-sized swimming pool ng kongkreto ay ibinuhos sa lugar hanggang ngayon (2500 metro kubiko).

## Melton Station

Kami ay nagpapatuloy ng paghuhukay para sa bagong 16 metro ang lapad na pedestrian through link na magbibigay ng accessible entry sa lahat na apat na mga platform mula Staughton Street at Brooklyn Road.

Noong Hulyo, ang mga concrete beam na tatawid sa link, na may sukat na hanggang 32 metro ang haba, ay dumating mula sa lokal na pabrikante ng Cobblebank na Westkon.

Inumpisahan din naming ilagay ang unang 234 na mga precast concrete wall section na magtatag sa istraktura para sa pilapil ng lupa na susuporta sa apat na mga matataas na platform sa bagong istasyon.

Sa Brooklyn Road, nagpatayo kami ng isang bagong roundabout sa interseksyon ng Hazel Street upang tumulong sa ligtas at madaling pagkilos ng mga bus papunta at mula sa bagong pansamantalang bus interchange.

## Kilalanin ang team at alamin ang higit pa

Sumali sa aming mga information session upang makipag-usap sa project team, magtanong, at higit pang malaman ang tungkol sa aming progreso ng konstruksyon sa Melton at Truganina.

### Magkita tayo nang personal

**Melton City Council Hall**
Miyerkules ika-27 ng Agosto
5:30 ng umaga – 7:30 ng gabi

### Online

Lunes ika-1 ng Setyembre
Alas-6 ng hapon – alas-7 ng gabi

### Mahalaga ang mag-book

I-scan ang QR code upang mag-book ng isang sesyon o bisitahin ang **levelcrossings.vic.gov.au/melton**


*Ang mga pier at mga crosshead sa Exford Road.*


*Ibinubuhos ang mga pundasyon sa Coburns Road.*

# Mga darating na konstruksyon sa Melton Station

## Mangyaring maglaan ng karagdagang oras ng paglalakbay

Kami ay magtatrabaho ng 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo sa rail corridor upang kumpletuhin ang mga trabaho sa rail signalling, gibain ang dating pedestrian underpass at ipagpatuloy ang konstruksyon ng mga abutment at mga retaining wall mula **Biyernes, ika-5 ng Setyembre** hanggang **Lunes, ika-15 ng Setyembre.**

Papalitan ng mga bus ang mga tren sa pagitan ng Bacchus Marsh at Caroline Springs mula sa unang serbisyo, **Sabado, ika-6 ng Setyembre** hanggang sa huling serbisyo, **Linggo ika-14 ng Setyembre.**

Upang payagan kaming ipagpatuloy ang pagtatayo ng mga rail bridge beam support, ang Exford Road ay isasara sa pagitan ng Staughton Street at Brooklyn Road mula **alas-8 ng gabi, Biyernes ika-5 ng Setyembre** hanggang alas-**7 ng umaga, Huwebes ika-11 ng Setyembre.**

Ilalagay ang mga detour sa pamamagitan ng Brooklyn Road sa hilaga at Wilson Road sa timog.

Ang footpath at pedestrian crossing sa silangan ng Exford Road sa pagitan ng Brooklyn Road at Creek Street ay isasara mula H**uwebes ika-11 ng Setyembre** hanggang sa **huling bahagi ng 2026.**

## Pansamantalang istasyon at mga konstruksyon sa Setyembre

Upang mabawasan ang mga pagkagambala sa mga pasahero at upang mapanatili na tumatakbo ang mga tren hangga't maaari, kami ay nagpapatayo ng isang fully accessible na pansamantalang istasyon.

Itong pansamantalang istasyon, sa hilagang bahagi ng riles na malapit sa Exford Road, ay magbubukas para sa mga pasahero mula **Sabado ika-6 ng Setyembre.**

Kapag babalik na ang mga serbisyo ng tren sa **Lunes, ika-15 ng Setyembre**, magkakaroon ng mga pagbabago kung paano ka makapunta sa mga platform ng istasyon habang kami ay lilipat sa pansamantalang istasyon.

Ang pansamantalang istasyon ay magbibigay-serbisyo sa mga pasahero hanggang bubuksan namin ang bagong Melton Station sa 2026.

Tingnan ang mapa sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

## Pansamantalang bus interchange

Upang payagan kami na itayo ang bagong Melton Station, inilipat namin ang bus interchange sa Brooklyn Road.


Itong pansamantalang bus interchange ay tatakbo hanggang magbubukas ang bagong istasyon sa 2026.

Mula **Miyerkules ika-20 ng Agosto** hanggang sa **huling bahagi ng 2026,** ang V/Line replacement coaches ay aalis mula sa hilagang bahagi ng istasyon.

### Mga pagbabago sa paglalakbay sa lugar

I-scan ang QR code o bisistahin: **levelcrossings.vic.gov.au/melton**

## Ang iyong pansamantalang istasyon





*Ang mga pagtatrabaho sa lupa (earthworks) ay patuloy upang magawa ang dike (embankment) para sa bagong road bridge.*

# Nahuhubog na ang bagong road bridges sa Ferris at Hopkins roads

**Inaalis namin ang mga level crossing sa Ferris at Hopkins roads sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagong road bridges sa itaas ng mga rail line, para magbibigay ng mas ligtas na mga koneksyon patungo sa Western Freeway at mga bagong gawa na residential area.**

Ang mga bagong road bridge sa Ferris Road, Melton at Hopkins Road, sa Truganina ay nahuhubog na habang ang mga pangkat ng manggagawa ay tinatapos ang mga pundasyon para sa mag bagong tulay.

## Ferris Road

Sa Ferris Road, Melton inilipat namin ang mga mahalagang serbisyo sa ibaba ng lupa upang magakakaroon ng daanan ang bagong road bridge, at pagbubuhos para sa mga pundasyon ng tulay ay natapos na.

Ang pagtatrabaho sa magkabilang tagiliran ng level crossing, kasama ang mga bridge foundation works at ang paggawa sa mga concrete pier na maghahawak sa mga beams ng tulay.

## Hopkins Road

Ang pagtatrabaho sa Truganina ay masigasig na nagpapatuloy sa Hopkins Road at natapos na ang pag-iistaka para sa mga pundasyon road bridge.

Ang mga pangkat ng mga manggagawa ay naglalagay ng mga pader na siyang magpapataas sa tulay sa itaas ng mga riles ng tren.

Sa mga darating na lingo, ipupwesto namin ang unang beam ng tulay.

Kapag natapos na ang Ferris Road project, magtatanim kami ng mga mahigit sa **200** katutubong kahoy at **45,000** palumpong, halaman at damo sa lokal na lugar.

Nagtatanim kami ng iba't-ibang uri ng punong kinabibilangan ng Lemon-scented gum, Melbourne Yellow Box, Blackwood Wattle at Drooping Sheoak.

Sa Hopkins Road, kami ay magtatanim ng mahigit sa **200** na mga bagong katutubong puno, pati **39** Lemon Scented gum sa kahabaan ng bagong shared path sa Truganina.

Magtatanim din kami ng mahigit **80,000** na katutubong damo, mga palumpong at maglalagay ng mga buto sa mahigit sa **35,000** metro kuwadrado bilang bahagi ng mga trabaho sa langscaping.



*Mga piling rig sa Ferris Road para sa konstruksyon ng pundasyon ng road bridge.*



*Mga pangkat ng trabahador na nagtatrabaho sa abutment wall sa Hopkins Road.*

# Ang bagong transport Superhub sa kanluran

## Gumagawa kami ng isang bagong rail superhub sa Sunshine upang maibsan ang pagbudul-budol sa pinakamasalimuot na rail junction sa labas ng Melbourne CBD.

Itong $4 billion joint investment ng mga pamahalaan ng Australya at Victoria ay may mga malalaking patrabaho na sumasaklaw ng mahigit 6 na kilometro mula West Footscray hanggang Albion.

Sa nakatalagang pagpapahayag ng mga concept design sa hulihan ng taong ito, magdaragdag kami ng dalawang platform sa Sunshine Station upang magkakaroonng karagdagang kakayahan nito para sa hinaharap na rail line tungo sa airport at magakakaroong ng mga dagdag na serbisyo para sa lumalaking mga komunidad ng Melton at Wyndham Vale.

Ang mga pagpapahusay sa Sunshine Station ngayon ay magbabawas ng mga pagkaka-antala sa hinaharap sa Melbourne Airport Rail at ang hinaharap na paglalagay ng kuryente sa Melton Line.

Kung matapos na ang mga patrabaho sa 2030, mas maraming tren ang makapaglalakbay sa pamamagitan ng Sunshine kada oras at magbibigay ng daanan tungo sa CBD ng Melbourne sa pamamagitan ng bagong Metro Tunnel.

Ang bagong superhub ay gagawin din ang Sunshine Station bilang gateway sa umuunlad na kanluran ng Melbourne at mga rehiyonal na lugar ng Victoria, habang nagbibigay daan ito sa paggawa ng mahalagang rail link patungo sa Melbourne Airport.

Ang mga malalaking patrabaho sa bagong superhub sa Sunshine ay magsisimula sa mga unang araw ng 2026.

**Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa Sunshine Superhub, bumisita sa: bigbuild.vic.gov.au/sunshine**

### Mga tampok sa proyekto

- **Nagbibigay ng kakayahan ng mas maraming mga tren na maglakbay sa pamamagitan ng Sunshine kada oras**
- **Ang patrabaho ay babagtas ng mahigit 6 na kilometro mula West Footscray hanggang Albion**
- **Lilikha ng espasyo para sa mga hinaharap na pagpapahusay sa mga rail network**
- **Mga bagong platform upang madagdagan ang kakayahan para sa dagdag na mga serbisyo para sa mga lumalagong mga komunidad ng Melton at Wyndham Vale, at patungo sa Melbourne Airport**
- **Mas mahusay na mga koneksyon sa paglalakbay tungo sa siyudad at mga rehiyon ng Victoria**



*Ang Sunshine Station ay nakatakdang maging isang superhub.*

# Mag-enjoy ng masarap na inumin bago ka maglakbay

## Ang Drip Drop coffee van, na matatagpuan na malapit sa platform one sa Melton Station, ay espesyalista sa masarap na kape at sari-saring mga maiinit at malalamig na inumin, na may mga alternatibong gatas na mapagpipilian.

Ang Drip Drop coffee van, na matatagpuan na malapit sa platform one sa Melton Station, ay espesyalista sa masarap na kape at sari-saring mga maiinit at malalamig na inumin, na may mga alternatibong gatas na mapagpipilian.

Ang may-ari na si Fonz ay nagbukas sa Melton Station noong gitnang bahagi ng 2022, kung saan ang van ay mabilis na naging sikat para sa mga pasahero ng tren at sa komunidad.

Regular kang makakakita ng mga dadagsa na nakikipagkwentuhan kay Fonz sa anumang araw, na naging dahilan kung bakit siya ay naging isang mahalagang karagdagan sa presinto ng istasyon, lalo na sa mga maagang bumabangon na patungo sa Melbourne sa araw na iyon.

Kung bibili ka man ng anumang bagay na masarap habang naghihintay ng tren o gustong makipagkwentuhan lamang upang mapasaya ang iyong araw, siguraduhing bisitahin si Fonz at ang Drip Drop coffee van.

**Mga oras na bukas: Mula alas-5 ng umaga hanggang alas-1 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pampublikong piyesta opisyal. Upang mag-order nang maaga tumawag sa 0401 966 151.**



*Ang Drip Drop Coffee van sa Melton Station.*

## Timeline ng proyekto

### 2023
- Napabilis ang proyekto
- Nakumpirma ang mga kalutasan sa pag-alis ng level crossing
- Konsultasyon sa komunidad

### 2024
- Inilabas ang mga konsepto ng disenyo
- Karagdagang konsultasyon sa komunidad
- Inilabas ang mga panghuling disenyo
- Early works
- Pagsisimula ng Konstruksyon

### 2025
- Konstruksyon

### 2026
- Konstruksyon
- Pagbubukas ng Bagong Melton Station
- Natapos na lahat ng apat na mga level crossing

### 2027
- Landscaping
- Finishing works

** Maaaring baguhin ang timeline.*

## Makipag-ugnayan

Mag-subscribe para sa mga email update sa **levelcrossings.vic.gov.au/subscribe** at sa ilalim ng Geelong – Ballarat – Melton Line, piliin ang mga level crossing na naaangkop sa iyo

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Melton level crossing removals, bisitahin ang **levelcrossings.vic.gov.au/melton**

Tawagan kami sa **1800 105 105**

Email **contact@levelcrossings.vic.gov.au**

Sundan kami sa social media o padalhan kami ng isang private message sa aming Facebook page

Para sa mga wika na hindi Ingles, mangyaring tumawag sa: **9209 0147**.